
4

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Sining

## Kwarter 2 – Modyul 3:

# **Pagpipinta: Krokis ng Pamayanang Kultural**



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_Sining4_Modyul3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 2 – Modyul 3: Pagpipinta: Krokis ng Pamayanang Kultural**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mary Justine Sienne D. Corporal

**Editor:** Francis Durante

**Tagasuri:** Cynthia T. Montañez

**Tagaguhit:** Emma S. Malapo

**Tagalapat:** Mary Justine Sienne D. Corporal

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilane R. Lorico
Jerson V. Toralde
Belen B. Pili
Randy Bona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Sining

## Kwarter 2 – Modyul 3:

## **Pagpipinta: Krokis ng Pamayanang Kultural**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Isang maganda at makabuluhan ng araw sa iyo kaibigan!

Sa pamamagitan ng modyul na ito ay Nasusuri ang gamit ng espasyo at proporsyon sa pagguhit ng *landscape,* magandang tanawin sa lalawigan batay sa pananaliksik at pagmamasid.

Sa pagpatuloy ng modyul na ito ay matatamo mo ang sumusunod na layunin:

**A.** Nakikilala ang pamayanang tinitirhan
**B.**Nakaguguhit ng isang krokis na nagpapakita ng kanilang kapaligiran, ayon sa wastong gamit ng espasyo, proporsyon, sukat, at iba pang detalye sa pagguhit ng isang *landscape*.
**C**. Naipagmamalaki ang mga pamayanang kultural sa pamamagitan ng likhang-sining

## *Subukin*

Bago mo simulant ang modyul na ito, subukin muna natin kung hangang saan ang alam mo. Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha ☺ kung tama ang pangungusap at malungkot na mukha ☹ kung mali.

1.________ Ang mga bagay sa ating kapaligiran ay may iba't ibang hugis,laki, at kulay gaya ng bundok, dagat, gusali, at iba pang likas at dilikas na istruktura.

2.________ Ang mga malalayong bagay ay nagiging maliit sa paningin habang ang mga bagay naman na malalapit ay mas Malaki sa paningin kung ikukumpara mo sa mga bagay sa malalayo.

3.________ Sa paggawa ng krokis o pagguhit ng *landscape* o tanawin ng isang pamayanan na itinatampok ang kapaligiran bilang paksa, kailangang isaalang-alang ang espasyo, balanse, at proporsyon upang maging mas makatotohanan ang larawang iguguhit.

4. ________ Magiging mas makatotohanan ang iyong larawang iginuhit kung isasaalang–alang mo ang prinsipyo ng proporsiyon.

5. _________ Sa paggawa ng krokis o pagguhit ng *landscape* o tanawin ng isang pamayanan na itinatampok ang kapaligiran bilang paksa, kailangang isaalang-alang ang espasyo, balanse, at proporsyon upang maging mas makatotohanan ang larawang iguguhit.

MAGALING! ☺


Ilan ang nakuha mo?
Nasiyahan kaba habang sinasagotan ang mga katanungan?

- Magaling kung nakuha mo lahat ng tamang sagot. Ayos lang din kung di mo nakuha lahat dahil mas lalo pa natin ito lilinangin sa pagpapatuloy ng modyul na ito.

## *Balikan*

Sa nakaraan na modyul natalakay ang espasyo ng larawan kung ito ay *foreground, background o middleground.* Ilagay ang sagot sa kahon

**SOURCE: Musika at Sining 4, kagamitan ng mag aaral p.179**



## *Tuklasin*

ALAM MO BA?

Ang mga bagay sa ating kapaligiran ay may iba't ibang hugis,
laki, at kulay gaya ng bundok, dagat, gusali, at iba pang likas at dilikas na istruktura. May mga bagay na malapit at mayroon ding mga bagay na malayo. Ang mga malalayong bagay ay nagiging maliit sa paningin habang ang mga bagay naman na malalapit ay mas Malaki sa paningin kung ikukumpara mo sa mga bagay sa malalayo. Sa sining, tinatawag itong ilusyon ng espasyo.

Sa paggawa ng krokis o pagguhit ng *landscape* o tanawin ng
isang pamayanan na itinatampok ang kapaligiran bilang paksa,
kailangang isaalang-alang ang espasyo, balanse, at proporsyon upang maging mas makatotohanan ang larawang iguguhit. Kung magmamatyag ka sa iyong kapaligiran, mapapansin mong iba-iba ang hugis, laki, at kulay ng iba't ibang bagay tulad ng bundok, dagat, gusali, at iba pang likas at di-likas na istruktura. May mga bagay na malapit at mayroon ding mga bagay na malayo. Ang mga malalayong bagay ay nagiging maliit sa paningin habang ang mga bagay naman na malalapit ay mas malaki sa paningin kung pagmamasdan mong mabuti ang isang tanawin. Sa sining, tinatawag itong ilusyon ng espasyo.

**SOURCE: Musika at Sining 4, kagamitan ng mag aaral p.192**




## *Suriin*

Narito ang mga larawan ng pamayanang kultural mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Suriin ang bawat larawan. Ano ang Pagkakatulad at pagkakaiba ng bawat isa?



PAMAYANAN SA TABING DAGAT



PAMAYANAN SA URBANISADONG LUGAR



PAMAYANAN SA KAGUBATAN

1. Sa mga larawan na nakikita ninyo, ano-ano ang mga pagkakaiba sa uri ng kanilang kapaligiran?
2. Batay sa inyong obserbasyon, paano binuo ang krokis o detalye ng apat na larawan?
3. Ano ang inyong napupuna sa mga linyang ginamit? Sa sukat ng mga bagay sa larawan?

- Paghambingin mo ang tao, puno, tahanan, at iba pang likas na istruktura sa bawat larawan. Gaano kalaki/ kaliit ang tao kung ikukumpara sa mga punungkahoy at tahanan na nasa kanilang likuran.

## *Payamanin*

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

**1. Ano ang tawag sa kaugnayan ng mga bagay sa larawan batay sa laki at taas ng mga ito.**
A. krokis B. hugis C. laki D. proporsyon

**2. Kapag ang mga bagay na iyong iguguhit ay ibig mong magmukhang malayo sa paningin, ano ang dapat mong gawin?**
A. Gawing mas maliit ang pagkakaguhit nito kumpara sa mga bagay na dapat makita sa malapit.
B. Gawing malaki ang pagkakaguhit kumpara sa mga bagay na dapat makita sa malapit.
C. Iguhit ito sa pinakamababang bahagi ng papel.
D. Iguhit ito sa pinakamataas na bahagi ng papel.

**3. Ano ang tawag sa larawan na ang karaniwang paksa ay mga bundok, burol, at puno?**
A. espasyo B. kulay C. *landscape* d. proporsyon

**4. Bakit kailangang isaalang-alang ang proporsyon at espasyo sa pagguhit?**
A. Upang maging makulay ang larawang iginuhit.
B. Upang maging kakaiba ang larawang iginuhit.
C. Upang maging mas makatotohanan ang larawang iginuhit.
D. Upang maging malamlam ang kulay ng larawang iginuhit.

## *Isaisip*

Sa pagguhit, kailangang bigyan ng pansin ang tamang laki ng mga bagay-bagay at paglalagay ng *foreground, middleground,* at *background* upang magkaroon ng balanse at proporsyon ang dibuho. Ang pigura ng tao ay mas maliit kung ikukumpara mo ito sa bahay at gayon din sa mga puno kung titingnan sa aktwal na larawan.

## *Isagawa*

# TARA MAGPINTA!

**Pagguhit ng Isang Pamayanang Kultural**

Kagamitan**:** papel o *bond paper,* lapis at pambura, at *ruler*

**Mga Hakbang Sa Paggawa:**

1. Ihanda ang mga kagamitang gagamitin sa pagguguhit.
2. Maglagay ng mga palatandaan sa mga dakong paglalagyan ng paksa sa *background*, *middle ground,* at *foreground*.
3. Siguraduhing nasusunod ang mga pamantayan sa pagguhit gamit ang balanse sa larawan.
4. Bigyan din ng pansin ang proporsyon ng mga bagay-bagay na iguguhit para higit na maging makatotohanan ang dibuho.
5. Mag-isip ng kawili-wiling tanawin sa inyong lugar na makikita sa mga pamayanang kultural na nais mong iguhit.
6. Lagyan ng pamagat ang natapos na likhang-sining.

## *Tayahin*

**Panuto:** Bigyan ng kaukulang puntos ang inyong naging pagganap
gamit ang rubrik na nasa kasunod na pahina

| PAMANTAYAN | Napakahusay (3) | Mahusay (2) | Di-gaanong mahusay (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Naiguhit at nakulayan ko ang tanawin ng pamayanang kultural. | Naiguhit at nakulayan ko. | Naiguhit ko ngunit hindi nakulayan. | Hindi ko naiguhit. |
| 2. Naipakita ko sa larawan ang wastong espasyo sa pamamagitan ng *foreground*, *middle ground* at *background*. | Naipakita ko nang tama ang *foreground*, *middle ground* at *background*. | Hindi ko maayos na naipakita ang *foreground* middle ground, at *background*. | Hindi ko naipakita ang *foreground*, *middle ground* at background. |
| 3. Nakilala ko ang mga pamayanang kultural sa bansa at ang mga natatanging uri ng tahanan at pamumuhay. | Nakilala ko ang 3 pamayanang kultural sa bansa. | Hindi ko gaanong nakilala ang pamayanang kultural sa bansa | Hindi ko nakilala ang pamayanang kultural sa bansa. |
| 4.Naipagmalaki ko ang likhang sining sa pamamagitan ng eksibit. | Naipagmalaki ko ang aking likhangsining. | Hindi ko gaanong naipagmalaki ang likhang sining. | Hindi ko naipagmalaki. |

## *Karagdagang Gawain*


Magsaliksik sa magasin, libro o *internet* ng mga larawan ng komunidad ng iba pang pangkat-etniko sa bansa. Idikit sa kuwaderno at lagyan ng maikling paglalarawan tungkol sa larawan.

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☺

**Balikan**




Pagyamanin

1. A.
2. A.
3. C.
4. C.

## *Sanggunian*


*Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.192*

*Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 243*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph